3
ARALIN

# PAGTUKLAS NG MGA ALTERNATIBO AT PAGSASAALANG-ALANG NG MGA KAHIHINATNAN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN


- Panimula
- Natumbok Mo
- Ang Regalo
- Kanlungan: Pagsasasaalang-alang ng mga Kahihinatnan
- Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante


## MGA LAYUNIN

Matutuklasan ng mga estudyante na dapat silang mag-isip nang malikhain tungkol sa mga alternatibong solusyon sa mga problema at huwag limitahan ang kanilang sarili sa mga karaniwang pagpipilian.

Makapagsanay ang mga estudyante sa pagsasaalang-alang ng mga kahihinatnan ng iba't ibang alternatibo sa pamamagitan ng pag-imbestiga ng positibo at negatibo ng bawat isa.

Maisagawa ng mga estudyante ang mga hakbang sa pagtuklas ng mga alternatibo at pagsasaalang-alang ng mga opsyon sa fallout shelter simulation.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Mga pako, mahabang tabla ng kahoy, bato, martilyo, maso, at isang lobo (Bahagi I)
- Isang kopya ng activity sheet na “Ang Regalo” para sa bawat estudyante (Bahagi II)
- Mga folder ng kanlungan (Bahagi III)

# Panimula 3 Minuto

Sabihin sa mga estudyante na isipin papunta sila sa isang konsyerto sa isang maulang gabi ng Sabado. Nalaman nila na sarado ang daan papunta sa konsyerto dahil sa isang aksidente. Ano ang gagawin nila? *(Malamang na banggitin ng mga estudyante na dumaan sa isang alternatibong ruta.)*

Ngayon, isipin nila na nakasara din ang alternatibong ruta na pinili nila dahil sa isang sunog. Ano ang gagawin nila ngayon? *(Malamang na banggitin ng mga estudyante na dumaan sa isa pang ruta.)*

Tanungin sila kung anong ruta ang kanilang pipiliin. *(Dapat sumagot ang mga estudyante na para makapunta sa konsyerto sa tamang oras, susubukan nilang hanapin ang pinakamaiksing ruta.)*

Ipaliwanag na para makapunta sa kanilang destinasyon, dapat nilang tukuyin ang kanilang layunin, tingnan ang lahat ng posibilidad, at isaalang-alang ang mga bentahe at disbentahe ng bawat isa. Ipaliwanag na ganito rin kapag sila ay nagdedesisyon—dapat alam nila kung ano ang mahalaga, tuklasin ang mga alternatibo, at isaalang-alang ang mga kahihinatnan ng bawat posibilidad.

# Bahagi I: Natumbok Mo 10 Minuto

Layunin: Tutuklasin ng mga estudyante na dapat silang mag-isip nang malikhain tungkol sa mga alternatibong solusyon sa mga problema at huwag limitahan ang kanilang sarili sa mga karaniwang pagpipilian.

**1. Tutukuyin ng mga estudyante ang mga solusyon sa isang hamon.**

Maglagay ng martilyo, ilang pako, kahoy, bato, at lobo sa isang mesa sa harap ng kuwarto sa sahig sa gitna ng silid-aralan. Sabihin sa isang boluntasryong estudyante na mag-isip nang paraan para maibaon ang pako sa kahoy. Humiling sa isang boluntaryo na magsulat ng isang pangungusap sa pisara na naglalarawan ng solusyon (hal., “Gagamit ako ng martilyo para ibaon ang pako sa kahoy”).

Maghanap ng ibang boluntaryo na magpapakita ng ibang solusyon. Hilingin sa isang boluntaryo na isulat ang kanyang solusyon sa pisara.

**2. Malalaman ng mga estudyante na sila ay likas na nagsasaalang-alang ng mga opsyon.**

Tanungin ang mga estudyante kung bakit wala sa kanila ang pumili ng lobo para ibaon ang pako. (Dapat mabanggit sa mga sagot na puputok ang lobo at hindi maibabaon ang pako.)

Tanungin ang mga estudyante na isipin kung bakit tinanong mo ang isang nakakatawang tanong. Gabayan ang mga estudyante sa pag-unawa na ginamit nila ang kanilang karanasan para isaalang-alang ang mga opsyon at isantabi ang mga posibilidad na malaman na hindi gumana.

**3. Gagawa ang mga estudyante ng mga alternatibong solusyon.**

Tanungin ang mga estudyante kung bakit walang gumamit ng kanilang sapatos. (Maaaring sumagot ang mga estudyante na hindi mo sinabi sa kanila na maaari silang gumamit ng isang bagay na wala sa mesa.) Ipaliwanag na sinabi mo sa kanila na mag-isip ng paraan para ibaon ang pako sa kahoy, hindi ang gagamiting bagay o saan ito mahahanap.

Ngayong alam na ng mga estudyante ito, tanungin sila na magmungkahi ng ibang paran para makamit ang layunin. Pag-isipin ang mga estudyante ng mga posibilidad at idagdag ito sa listahan.

Pagkatapos mag-isip ng mga estudyante, ipaliwanag na ang kanilang ginawa ay nag-isip sila ng mga malikhaing alternatibo na nakatulong sa mga pinag-isipang desisyon. Ipaalala sa kanila na kapag nag-iisip ng mga alternatibo, hindi dapat nila limitahan ang kanilang pag-iisip; dapat nilang tasahin ang kanilang mga opsyon at isaalang-alang ang mga kahihinatnan kapag nakagawa lamang sila ng listahan ng mga alternatibo.

# Bahagi II: Ang Regalo 10 Minuto

Layunin: Maisaalang-alang ng mga estudyante ang positibo at negatibong kahihinatnan ng iba't ibang alternatibo.

**1. Ipinakita sa mga estudyante ang isang sitwasyon na nangangailangan ng desisyon.**

Ipamahagi ang activity sheet na "Ang Regalo" sa mga estudyante.

Basahin nang malakas ang mga sumusunod na sitwasyon:

> Nanalo ka ng $2,000. Gusto mong bilhin ang lumang sasakyan na ibinebenta ng isang kabitbahay. Noong huli kang nagtanong, sinabi ng may-ari na ipagbibili niya ang sasakyan sa halagang $1,995. Alam mo kung magkano ang naipon mong pera at magkano ang kinikita mo kada linggo.

Sa tsart, ilista ang mga positibo at negatibo sa pagbili ng sasakyan.

**2. Susuriin ng mga estudyante ang mga positibo at negatibong kahihinatnan.**

Habang nasisimula ang mga estudyante sa paglagay ng mga positibo at negatibo sa activity sheet, himukin sila gamit ang sumusunod na katanungan:

- Inisip ba ninyo ang gastos sa gasolina, pagpapanatili ng kotse, at maintance?
- Handa ba kayong huwag gumastos ng pera sa ilang bagay para makapagbayad ng gastusin sa kotse? Paano ninyo gagawin ito?
- Paano maaapektuhan ang oras ninyo kung binili ninyo ang kotse?
- Makakaapekto ba ang pagmamay-ari ng kotse sa pakikipag-ugnayan mo sa ibang tao?
- Mayroon bang anumang kahihinatnan na maaaring makaapekto sa iyong pamilya?

Sabihin sa mga estudyante na magbahagi sila ng mga positibo at negatibong kahihinatnan na kanilang inilista. Hayaan ang mga estudyante na magdagdag ng mga kahihinatnan na sa palagay nila ay mahalaga.

Ipataas ang kamay ng mga estudyante kung pagkatapos suriin ang mga positibo at negatibo ay bibilhin nila ang kotse.

**3. Mahaharap ang mga estudyante sa mga hindi inaasahang kahihinatnan.**

Sabihin, "Nagdesisyon kang bilhin ang kotse. Sinabi mo sa isang malapit na kaibigan mo na magkakaroon ka na ng saksakyan sa susunod na Martes. Sabi ng kaibigan mo, 'Ayos. Hindi na ako makapaghintay na hiramin ang kotse mo.' Ano ang mga kahihinatnan ng pagsasabi sa iyong kaibigan na pwede niyang imaneho ang kotse? Ano ang mga kahihinatnan ng pagsasabi sa iyong kaibigan na hindi niya pwedeng imaneho ang kotse?"

Bigyan ang mga estudyante ng isang minuto para ilagay ang mga positibo at negatibo ng bawat pagpipilian sa ikalawang hanay.

Kapag natapos nang maglista ng mga kahihinatan ang mga estudyante, sabihin sa kanila, "May biglang nangyari. Nang sinabi mo sa nanay mo na bibilhin mo ang kotse, sinabi niya na kapag binili mo ang kotse ay kailangan mong sunduin ang iyong kapatid na lalaki sa paaralang elementarya at kapatid mong babae sa middle school bawat araw. Pagkatapos, sinabi pa niya na maaari mo rin siyang tulungan na dalhin ang mga grocery sa lola mo tuwing Sabado ng umaga. Ano ang mga positibo at negatibo rito?"

**4. Matututunan ng mga estudyante na maaaring baguhin ang isang desisyon kapag may mga nangyaring hindi inaasahang kahihinatnan.**

Bigyan ng oras ang mga estudyante na idagdag ang mga kahihinatnan sa ikatlong hanay. Pagkatapos ay ipatalakay sa mga estudyante ang kanilang mga sagot. Tanungin sila kung alinman

sa mga hindi inaasahang kahihinatnan ang magdudulot sa kanila na baguhin ang kanilang desisyon. Bakit?

Ipunto sa mga estudyante na maaaring baguhin o ayusin ang mga desisyon kapag naisaalang-alang na nila ang lahat ng kahihinatnan, kung nagbago ang isang sitwasyon, o nagkaroon ng karagdagang impormasyon. Ipaliwanag na sa kasong ito, naapektuhan ang kanilang desisyon hindi lamang sa kanila, kung ang ibang tao sa paligid nila (kabilang ang mga kaibigan at pamilya).

# Bahagi III: Kanlungan: Pagsasasaalang-alang ng mga Kahihinatnan 30 Minuto

Layunin: Maisagawa ng mga estudyante ang mga hakbang sa pagtuklas ng mga alternatibo at pagsasaalang-alang ng mga opsyon sa kanlungan simulation.

**1. Susuriin ng mga estudyante ang kanilang progreso sa kanlungan simulation.**

Pabalikin ang mga estudyante sa kanilang simulation group. Ibalik ang mga kanlungan folder. Sabihin sa isang boluntaryo na ibuod ang sitwasyon at desisyon na dapat gawin ng bawat grupo. Pagtibayin ang pag-unawa na dapat magdesisyon ang mga grupo aling anim na indibidwal ang pinakamahusay na kombinasyon ng tao.

Ipaalala sa kanila na sa araling ito, bumuo sila ng mga tanong na kailangan ng sagot para tulungan silang magdesisyon. Tinukoy rin nila ang mga pinagmumulan na maaaring makatulong sa pagkuha ng mga mahahalagang impormasyon. Dagdag pa, mas natuto sila nang higit pa tungkol sa mga karakter.

**2. Magpapasya ang mga estudyante sa mga alternatibo.**

Magtutulungan ang mga estudyante sa kanilang grupo para magpasya ng maraming alternatibong paggugrupo na maaari. Ipaalala sa mga estudyante na dapat maging bukas ang kanilang isip at maghanap ng mga alternatibo na "kakaiba sa karaniwan." Ipaalala sa kanila na hindi dapat nila limitahan ang kanilang sarili o magkomento sa mungkahi ng iba sa yugtong ito. Ipaliwanag na hindi muna dapat nila isaalang-alang ang mga kahihinatnan; nag-iisip pa lamang sila ng mga alternatibo at isasaalang-alang ang mga kahihinatnan sa susunod na bahagi. Bigyan sila ng 10 minuto para kumpletuhin ang hakbang na ito.

**3. Isasaalang-alang ng mga estudyante ang positibo at negatibong kahihinatnan ng bawat alternatibo.**

Pagkatapos ng 10 minuto, imungkahi sa grupo na magdesisyon sa isang simpleng paraan sa pagtatala ng mga positibo at negatibo (hal. listahan ng bentahe at disbentahe). Bigyan sila ng 10 minuto para isaalang-alang ang mga positibo at negatibo para sa bawat alternatibo. Ipaalala sa kanila na hanapin ang mga hindi inaasahang kahihinatnan.

**4. Makikilahok ang mga estudyante sa isang proseso ng debriefing para sa simulation.**

Sabihin sa mga grupo na tukuyin nila kung ilang alternatibo ang kanilang natuklasan. Pagkatapos ay ipaisip sa kanilang ang proseso ng pagsasaalang-alang ng mga kahihinatnan. Magtanong:

- Anong metodo o pamamaraan ang nabuo ng grupo niyo para maisaalang-alang ang mga positibo at negatibo?
- Anong mga problema o hamon ang hinarap ng grupo mo?
- Paano naresolba ng grupo mo ang anumang suliranin?
- Kung gagawin mo ulit ang hakbang na ito, ano ang iba mong gagawin?
- Ano ang ilan sa mga nakakabigla o interesanteng alternatibo at kahihinatnan ang isinaalang-alan ng grupo mo?

Ipabalik sa gma grupo ang anumang materyales sa kanilang folder. Kolektahin ang mga folder.

Sabihin sa mga estudaynte na sa susunod na sesyon, sila ay gagawa ng kanilang desisyon.

# Konklusyon 2 Minuto

Tanungin ang mga estudyante bakit mahalagang isaalang-alang ang mga pangmatagalang epekto ng kanilang mga desisyon. Ipagpaliwang sa mga estudyante paano naging posible na ang kanilang mga desisyon ay makaapekto sa ibang tao. Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa araling ito:

- Kapag nagdedesisyon, isaalang-alang ang mga lahat ng mga alternatibo at maging malikhain sa pag-iisip.
- Maingat na isaalang-alang ang kahihinaynan ng bawat alternatibo sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga positibo at negatibo ng bawat posibilidad.

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Maglista ng limang positibong kahihinatnan at tatlong negatibong kahihinatnan sa paggawa ng boluntaryo na paggawa sa iyong komunidad.
2. Ilarawan ang isang sitwasyon kung saan nagdesisyon ka na nagdulot ng hindi inaasahang kahihinatnan. Paano ka tumugon sa mga hindi inaasahang kahihinatnan na ito? Kakaiba ba gagawin mo sa ngayon?

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGGAMIT NG MGA SIPI

"Karamihan sa ating mga desisyon ay hindi batay sa alam nating pinakamainam. Sumasang-ayon tayo dahil napilitan tayong pumili at dapat magsalita."

Sabihin sa mga boluntaryo na magbahagi ng mga sitwasyon kung saan maaaring sumang-ayon ang mga estudyante kahit gusto nilang tumanggi. Talakayin ang mga kahihinatnan ng mga desisyong ito.

## PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Magpagawa ng mga comic strip sa mga estudyante na naglalatawan ng mga deisyon na dapat nilang gawin, ang mga opsyon na magpipilian nila. at mga posibleng kahihinatnan para sa bawat alternatibo.

Idikit ang mga comic strip sa paligid ng silid-aralan.

## PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Ipatukoy sa mga estudyante ang isang problema sa kanilang komunidad. Sabihin sa kanila na maglista ng mga opsyon sa paglutas ng problemang ito at isulat ang mga posibleng positibo at negatibong kahihinatnan ng bawat opsyon.

Ipabahagi sa mga estudyante ang kanilang mga ginawa sa maliliit na grupo. Sabihin sa mga grupo na talakayin ang mga opsyon/kahihinatnan na maaaring hindi mapansin.

# PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Ipalabas ang *Hoop Dreams*, isang dokumentaryong nagpapakita ng karera sa high school ng dalawang African American na kabataang lalaki, na kapwa mahuhusay na manlalaro ng basketball na umaasang magkaroon ng kontrata sa NBA.

Talakayin sa mga estudyante kung sino at ano ang nakaimpluwensiya sa desisyon ng mga bata, ang mga alternatibo na bukas para sa kanila, at ano ang mga kahihinatnan na pinakamahalaga sa kanilang desisyon.

# TAKDANG-ARALIN

Ipatsart sa mga estudyante ang kanilang panonood ng TV sa isang linggo. Dapat kasama sa tsart ang mga palabas, genre, karakter, mga desisyon, at paano ang mga nangyari ang desisyong ito (hal. halimbawa ng kasamahan, payo, pananaliksik). Dapat ding isama ng estudyante ang resulta ng bawat desisyon.

Pagawin ang mga estudyante ng isang bar graph na nagkakategorya sa mga impluwensiya o desisyon sa bawat palabas, gamit ang iba't ibang kulay para sa bawat isa.

# MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Ipabasa sa mga estudyante ang *Into Thin Air* ni Jon Krakauer, ang kanyang madamdaming personal na salaysay ng 1996 Everest expedition na nagresulta sa pagkamatay ng 12 katao—isang salaysay ng mga maling desisyon mula simula hanggang pagtatapos. Ipatsart sa mga estudyante ang dahilan ng iba't ibang desisyon sa libro at ang kinahinatnan ng mga desisyong ito.